


BANTAY BALITA
NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN
VOLUME 1 NO. 40 10.00 JULY 3 - JULY 9, 2023

*BAGONG harassment: Kung di mabilis na nakapagmaniobra ang kapitan ng PCG, malaking pinsala ang inabot ng ating barko kung nabangga sa mas malaking barko ng China sa pinakahuling insidente ng tensiyon sa WPS. Hinarang ng Chinese vessel ang pagdadala ng supply sa mga tauhan ng Philippine Navy sa Ayungin Shoal (2nd Tomas Shoal) sa karagatang kapwa inaangkin ng Filipinas at China. Photo mula sa PCG.*

# PCG hinarang ng barko ng China

KUNG hindi agad nakapagmaniobra ang isang barko ng Philippine Coast Guard (PCG), posibleng nawasak ito sa pagbangga ng mas malaking barko ng China.

Nangyari ito, Biyernes, Hunyo 30 nang magdala ng supplies ang PCG sa pinag-aagawang karagatan sa West Philippine Sea (WPS) na tinayuan ng naval base ng China at ng Vietnam guard ang ilang isla roon.

Naglalakbay ang BRP Malabrigo para magdala ng supply sa tauhan ng Philippine Navy na nagbabanay sa 2nd Tomas Shoal nang harangin ito ng ng dalawang malalaking Chinese PCG vessel.

Ayon kay Commodore Jay Tarriela, maagap na umiwas ang BRP Malabrigo kaya hindi bumangga sa nakaharang na barko ng Chinese Coast Guard.

Dumaan sa nguso ng BRP Malabrigo ang barkong Chinese sa layong 100 yarda, na ayon sa tagapagsalita ng PCG, Commodore Tarriela, ay isang delikadong maniobra.

"xxx that kind of distance is very dangerous because that's already prone to collision," sabi ni Tarriela.

Isa lamang ito sa maraming insidente ng panggigipit ng Chinese Coast Guard sa nga barko ng Filipinas, kaugnay ng umiinit na tensiyon sa WPS.


Inaangkin ng China ang WPS na tinatawag nitong South China Sea (SCS) sa kabila ng desisyon ng Permanent Court of Arbitration sa The Hague Netherlands na iyon ay sakop ng karapatang pandagat ng Filipinas. /**LUKAS DA SILVA**

# Duterte nagbakasyon grande sa HK

sundan sa pahina 2



*Former President Rodrigo Duterte with Sen. Bong Go. Namasyal, nag-shopping sa Hong Kong. Story, page 2.*



# Maharlika Investment Fund bill pipirmahan na

SA oras na mabasa ni Presidente Bongbong Marcos ang ipinasang Maharlika Investment Fund (MIF) bill, pipirmahan ito para maging ganap na batas.

"As soon as I get it," sabi ng Pangulo sa mga reporter, lalagdaan niya ang MIF bill na hiningi niya sa Kamara at sa Senado na isabatas.

Ayon kay Presidential Communications Secretary Cheloy Garafil, inihahanda ng Office od the Deputy Secretary for Legal Affairs (Odesla) ang mga kopya ng bill para mapag-aralan ito ng Pangulo.

Pipirmahan ang panukalang batas, ayon kay Sec. Garafil bago ang

*Sundan sa pahina 2*

# Todong serbisyo sa mamamayang GenTriseño



**Sa Ganang Akin**
by Adela R. ZAMORA



*GenTri's Tres Caballeros: 6th Dist. Rep. Atty. Ony Ferrer, Vice Mayor Jonas Labuguen, City Mayor Jon-Jon Ferrer. See full column on page 3.*

Let's cozy up at Kubo Amadeo P5

# MVP Group expands healthcare portfolio with Medical Center Imus acquisition

BILYONARYO.COM --Metro Pacific Investments (MPI), led by bilyonaryo Manny V. Pangilinan, continues to expand its hospital network with the acquisition of a majority stake in a medical facility located in Cavite, marking its first venture into the province.

MPI announced that subsidiary Metro Pacific Health Corp. (MPHC) has made its 21st hospital investment to date with the purchase of a 70.4 percent stake in Medical Center Imus (MCI). Established 21 years ago by a group of enterprising founders, this Level 2 hospital boasts 90 beds.

Catering to the cities of Imus and Bacoor, the hospital has a pool of 97 active specialists and 200 visiting doctors.

"This is our first hospital in the much-coveted Cavite province which, due to industrialization and the influx of OFW families in the past decades, has grown to be the country's second most populated and second densest province," Metro Pacific Health president Augie Palisoc Jr. said.

Incoming deputy chief executive Jo Eileen Suzanne Ringler-Pama said Metro Pacific Health's entry would elevate the patient experience to unprecedented levels.

The addition of MCI bolsters Metro Pacific Health's position as the largest private hospital group in the Philippines, with a network of 21 hospitals across the country.



MPI bilyonaryo, Manny V. Pangilinan

# Duterte nagbakasyon grande sa HK

IBINAHAGI ni Sen. Bong Go sa kanyang social media accounts ang ilang litrato ng pamamasyal ni dating Presidente Rodrigo Duterte sa Hong Kong kamakailan.

Sa isang litrato, makikita ang pamamasyal ng dalawa sa isang mall sa HK at nagsusukat ng berding Salomon sneakers sa isang tindahan.

Sabi sa caption ng litrato: "Bukod sa lakad at kain, nag-twinning na naman sina Senator Bong Go at dating pangulong Rodrigo Duterte sa suot nilang sapatos. Ika nga, wala pa ring makakatalo sa twinning ng tapang, malasakit at walang katapusang pagseserbisyo para sa sambayanang Pilipino."

Sa isa pang post ni Sen. Go -- dating special assistant ni Duterte --. makikita na itinutulak ni Duterte ang kanyang dating Executive Secretary Salvador Medialdea na nakasaya sa wheelchair.

Komento ng mga netizen, tama lang na mamasyal at mag-relax si Duterte na pinasalamatan ang mahusay na pamamahala nito sa bansa sa loob ng anim na taon. **/ED 'MUTO" CUENCA**

**Eat whatever you like because...**

* The inventor of the treadmill died at the age of 54.
* The inventor of gymnastics died at age 57.
* The world bodybuilding champion died at age 41.
* The best footballer in the world, Maradona, died at 60

***

And then-

* The KFC inventor died at 94.
* The inventor of Nutella died at 88
* The inventor of Hennessy died at 98

***

How did doctors come to the conclusion that exercise prolongs life, when

* The rabbit is always jumping but it lives for around 2 years, and
* the turtle that doesn't exercise at all, lives over 200 years.

*** So, rest, chill, eat, drink, and enjoy life

Daily Dose of Inspiration Quotes by Catherine

# Maharlika Investment...

*mula sa pahina 1*

takdang ikalawang State of the Nation Address (Sona) ng Presidente sa Hulyo 24.

Sinabi naman ni Budget Secretary Amenah Pangandaman na hiniling ng economic team ni Marcos na mapirmahan na ang MIF bill bago ang Hulyo 24.

Sa maraming okasyon, ipinaliwanag ni Marcos na malaki ang maitutulong ng Maharlika Investment para mapalakas ang negosyo at makalikom ng maraming salapi na itutustos sa maraming proyekto ng kanyang administrasyon.

Sa kabila na maraming experto sa ekonomya at mga mambabatas na kumontra sa MIF bill, ipinasa ng Senado noong Mayo 31 ang Senate Bill No. 2020 at ito ay agad namang tinanggap ng Kamara.

# Pagbati at pagtanggap sa bagong Mendez police chief


NANGAKO si Police Capt. Norman Catsao, ikalima mula sa kanan, sa katabing si Mendez Mayor Francisco Mendoza na pagbubutihin ang katahiimikan at kaayusan sa munisipalidad. Kasama sa larawan ang iba pang opisyal ng Mendez.

Nitong Lunes, Hulyo 3, kasabay ng pagtataas ng watawat, ipinakilala at malugod na tinanggap ng bayan ng Mendez ang itinalagang bagong hepe ng pulisya, si police Captain. Norman C. Catsao.

Sinabi ni Mendez Mayor Francisco T. Mendoza Jr. na buong pusong tinatanggap niya si Capt. Catsao na itinalaga ni Cavite police director, Colonel Christopher Olazo bilang bagong hepe ng pulisya ng munisipalidad.

Sa kanyang mensahe, hinamon ni Mendoza si Catsao na panatilihin ang kaayusan at katahimikan sa Mendez.

Dating hepe ng pulisya ng Silang si Catsao, bago inilipât sa Mendez.

Pinasalamatan ni Catsao ang pagtanggap sa kanya, at ipinangako na sa tulong ng kapwa pulis, tinatanggap niya ang hamon ni Mayor Mendoza. **/LOD BELTRAN**

# Ex-NBDB chair lauds Filipinization of the local book publishing industry

**MANILA**—Considered as the founding chairman of the National Book Development Board (NBDB), Dominador D. Buhain has expressed excitement that after a quarter of a century since Republic Act 8047, the Book Publishing Development Act was enacted, the local publishing industry has finally taken off after a prolonged struggle.

Recently, the National Book Development with support from the various stakeholders launched the first Philippine Book Festival (PBF) at the World Trade Center solely with participation of local book publishers.

Erstwhile Philbook chairman and PEPA president emeritus, Buhain told the book fair audience that the passage of RA 8047 was a collaborative effort of his fraternity brothers at the Aquila Legis Fraternity led by Rep. Antonio Cerilles at that time.

The law mandates that the publishing and distribution of textbooks for use by public school students would be exclusively taken up by the private sector but the intent was never executed. It was only during the Duterte leadership, through the education secretary that this was achieved.

Description: Leadership Team - Philippine Global Explorers Buhain also credited the incumbent Marcos administration and vice-president Sara Duterte, the concurrent education secretary, for giving "recognition to continue with what has been started by implementing fully RA 8047 particularly on the supply of textbooks to the public schools."

Another key event he cited was the


**Dominador D. Buhain**

appointment of Dante 'Klink' Ang II as NBDB chair, and Charisse Aquino-Tugade, as executive director, who were instrumental in bringing together the comic sector and other literary materials producers to become part of the Filipinization of the book publishing industry.

Prior to the recent successful book festival, the only time the NBDB was represented was during the Frankfurt Bookfair. But the participation was tainted with dubious claims that the Board misappropriated funds in order to attend the foreign engagement.

"Due to such development," Buhain said, "personal funds were availed of in joining the succeeding Frankfurt Bookfairs and with the limited budget, oftentimes the booth was situated near the toilet or at a depressed area."

NBDB, however, has been vindicated, and it now is admirably represented in Frankfurt, London, Sharjah Bookfairs and other noteworthy publishing engagements abroad.

"Finally," Buhain added, "our struggle has ended as we have now a Filipinized bookfair through the incumbent leadership of the NBDB with the support of the stakeholders in collaboration with the Department of Education."

# Todong serbisyo sa mamamamayang GenTriseño



Sa Ganang Akin

by Adela R. ZAMORA

'YUNG hastag na #LetsJoinForces#AlagangFerrerAlagangGenTri, hindi lang sigaw na panghikayat sa mamamayan ng Gen. Trias City (GenTri) na makibalikat, makiisa sa pamahalaang lungsod tungo sa pag-unlad.

Yes, kasi di na lang nakikita, totoong nararamdaman ang wellness, pakinabang na natatamo ng GenTriseno sa mga programa/proyekto ni Mayor Jon-Jon Ferrer, katuwang ang Sangguniang Panlungsod sa pamumuno ni Vice Mayor Jonas Labuguen at mga opisyal at kawani ng city government.

Kamakailan, bunga ng pagsisikap ni Mayor Jon-Jon, umaksiyon ang Department of Labor and Employment (DOLE), at tulong nina Senator JV Ejercito at Senator Grace Poe, tumanggap ang maraming residente na sa mga di-maiiwasang dahilan, pagkakasakit, o nagsarado ang pinapasukang kompanya ay nawalan ng ikinabubuhay.

Sa programang Tulong Panghanapbuhay sa Ating Disadvantaged/Displaced Workers o TUPAD ng DOLE, tumanggap ang ayuda ang gipit-sa-buhay na GenTriseno.

At eto pa: namahagi ang city government ng brand new laptop para sa mga guro ng public elementary at high school sa siyudad, kasi naniniwala sina Mayor Jon-Jon at Vice Mayor Jonas na mahalaga ang edukasyon sa mga kabataan.

Susi sa isang magandang edukasyon ang edukasyon, at sabi nga ni Mayor Ferrer, isa ito sa mga dahilan ng pag-unlad ng ating lipunan.

"Kung kaya lubos po ang suportang ibinibigay ng Pamahalaang Lungsod sa ating education sector upang masiguro ang patuloy na pagtaas ng antas ng pagtuturo sa ating mga paaralan," sabi ni Mayor Jon-Jon, malaking tulong sa mga guro at mga estudyante na may nagagamit na laptop.

"Ang mga IT equipment na ito ay makakatulong sa ating mga guro sa kanilang pag-gabay at pag-hubog ng kakayahan ng mga kabataang Gentriseño," sabi ng makisig na alkalde.

Isa rin sa tinutukan nina Mayor Jon-Jon at ni VM Jonas at ng buong Team GenTri ay ang panganga-laga sa karapatan ng kababaihan at mga kabataan sa pagtatayo ng VAWC desk officers.

Trabaho ng mga mesang ito ay aksiyonan sa mga reklamong pag-abusong pisikal, emosyonal at sexual at mga paglabag sa batas na Violence Against Women and Children (VAWC).

Alam ba nyo, ang opisina ni Cong Ony Ferrer -- na isang magaling na abogado -- ay may free legal assistance sa mga mamamayang GenTriseno, ang galing, ano po!

At hindi lang yan, yung mga nagsasama na dahil sa kahirapan ay hindi makapagpakasal, at mga magkasintahang walang paggastos, laging ginhawa ang idinaos na Kasalang Bayan ntong Miyerkoles, Hulyo 5 na pinangasiwaan ni Mayor Jon-Jon.

Mabuhay ang mga bagong kasal, congratulations!

Alam n'yo ba tuloy ang programang medical, financial at burial assistance ng Team GenTri, at ito ay tinitiyak ni Mayor Jon-Jon at ni Vice Mayor Jonas na naseserbisyohan at nabibigyang kalinga ang bawat sektor sa lungsod.

Sabi nga ni Mayor Jon-Jon, bilang ama ng siyudad, nais niya na bawat Gentriseño ay nabibigyan ng kalinga sa mga oras ng kanilang pangangailangan.

Sabi nga ni VM Jonas, minsang makausap natin, lalo pang palalakasin ng pamahalaang lungsod ang mga programa sa pagaaruga at pangangalaga sa kapakanan ng mamamayang GenTriseno.

Kaya laging itatak sa isip, "Let's Join Forces for a More Progressive City of General Trias!

@@@

BABALIK uli ako sa Cavite, kasi malapit nang matapos ang ilang transaksyon ko rito sa Bulacan, e sa totoo lang, sobrang miss ko ang mga kasama sa media sa Cavite, at mga kaibigan ko, siyempre ang mga politicians-friend natin,

Saka, uuwi na sa Pinas ang ating media guru, Sir Eli Taparan, ating BantayBalita editorial consultant na sabi niya, 5 years siya na naburo sa Vancouver, Ca, gawa ng pandemya at ngayong siya raw ay patuloy sa paggaling, uwing-uwi na siya.

See you soon, Kuya Banong, aka Lukas da Silva.

(arzmedia777@yahoo.com)

















BANTAY BALITA NEWS PUBLISHING SERVICES YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN

Your Community Newspaper, Kakampi ng Bayan!
Published Weekly by BantayBalita News Publishing Services
Block 2. Lot 27, Camella Barcelona Phase 1, Barangay Buhay na Tubig, Imus City, Cavite
E-mail: domzcaoile@yahoo.com / taparaneliseo@gmail.com / lukasdasilva990@gmail.com
Phone: 09274890759 / 09289406369

| | |
|---|---|
| Founder: | HENRY E. CAOILE |
| Publisher: | DOMZ B. CAOILE |
| Editorial Consultant: | ELI TAPARAN II |
| Special Projects Director: | ADELA R. ZAMORA |
| Copy Editor: | LUKAS DA SILVA |
| Chief of Reporters | GENE TAPARAN TAN |
| Contributing Writers: | LOD BELTRAN |
| | NOLI LIWANAG |
| | ED 'MUTO' G. CUENCA |
| | JOJO SICAT |
| Contributing Editor: | RUEL FRANCISCO |

Tumatanggap ang pahayagang ito ng kontribusyong balita, artikulo, photo, komento, promotional releases, anunsiyong komersiyal at legal; gayundin mga abiso mula sa pamahalaang nasyonal at lokal at sa iba pang ahensiyang publiko at pribado at samahang sibiko at kilusan sa kawanggawa.

Isasalang sa maingat na pagkilatis ang bawat matatanggap na kontribusyon at kung kailangan ay idadaan sa editing, kung may malalaswa, mapanglait at mapanirang salita o larawan na humahamak at maglalagay sa kahihiyan ng sinomang tao.



Lahat ng nilalaman ng pahayagang ito ay maaaring muling ilathala, kopyahin sa paraang digital, imprenta at karikatura at maaaring ipamahagi sa publiko kung magbibigay-pasabi sa patnugutan ng BANTAYBALITA sa pamamagitan ng sulat, email, message o tawag sa telepono o sa anomang uri ng komunikasyon. All Rights Reserved. Imus City, Cavite, Philippines.



member papi PUBLISHERS ASSOCIATION OF THE PHILIPPINES INC.


*NOTE: All news articles and opinions expressed by the writers are entirely their own and do not reflect the opinion of the Publisher, Management of this Publication.*

# Mayamang kasaysayan, kultura ng Alfonso, ibinida ni Mayor Salamat

MARAMING Cavitenyo at dayuhang turista ang tiyak na maaakit sa mayamang kasaysayan ng bayan ng Alfonso -- na ibinida ni Mayor Randy Salamat sa kanyang opisyal na Facebook page kamakailan.

Tanong ng alkalde: "Alam niyo po ba ang mga salitang kawasa, sinigi, at ahuy? Kilala niyo rin po ba si Don Hipolito Rint? Natikman niyo na po ba ang kalangkang?"

Kami rito sa BantayBalita ay hindi alam ang mga binanggit ni Mayor Salamat.

"Naririnig niyo rin po ba ang ganda at kakaibang kalembang ng kampana ng Parokya ni San Juan Nepomuceno? Nakakita na rin po ba kayo ng gilingang bato at eskritoryo? Eh yung mga ilog po na pinagliliguan ng mga may anting?

" Yung kweba na may kabag na kinakain noong araw? At nakapag pasanghiyang na po ba kayo? Nakasayaw sa apoy at nakapag pa-basang gilagid?" tanong pa niya.

Sa mga larawang naririto, ipinakita ni Mayor Salamat ang magagandang lugar sa munisipalidad na nagpapakita ng mayamang kultura, at sining ng bayan.

Kaugnay ito ng isang linggong Cultural Mapping training sa Alfonso Turismo, sa tulong at suporta ng Cavite Tourism, Provincial Government of Cavite sa pamumuno ni Gov. Jonvic Remulla, at National Commission for Culture and the Arts.

Pinasalamatan ni Mayor Salamat ang mga boluntaryo sa cultural mapping, kasama ang mga organizers, sponsors, mga kawani ng lokal na pamahalaan, at ang tropa ng United Architects of the Philippines- Cavite bilang Cultural Mappers.

Sabi pa ng alkalde: "Pasasalamat rin po sa MAKA Forest Villa at Casa Jaya para sa venue ng isang linggong training para sa ating Cultural Mapping team."


Paliwanag pa ni Mayor Salamat, ang pag aaral at pagmamapang ay simula pa lamang upang lalong makilala ng publiko ang natatago pero mayamang kultura ng bayan ng Alfonso.

"Inaasahan po ang kooperasyon ng lahat para sa mas malalim na pagkakakilanlan ng ating bayan," sabi ng alkalde. /**DOMZ B. CAOILE**
















# Let's cozy up at Kubo Amadeo




SAAN itong Kubo Amadeo na balitang masarap mag-relax kasama ang pamilya at mga kaibigan?

Kid-friendly ang bakasyunang ito, with warm pool, mabango at preskong guest rooms at may mga pagkain at inuming lapat na lapat sa inyong pihikang panlasa.

The place is new but Kubo Amadeo is one of the most talked-about "home away from home" in Cavite and a top choice for families of all ages looking for a mix of relaxation: it is a place where parents and kids can spend the day relaxing in pool and enjoy the fresh cool breeze any time of the day.

The rooms in Kubo Amadeo are thoughtfully designed for families; any time of the day and night, the cool fresh air and a choice of relaxing food and drinks will make your tummy happy.

Yes, Kubo Amadeo is a perfect getaway these summer months: Explore and cozy up with nature in a 2,300 sqm property with pool-villas for rent at 048 Crisanto delos Reyes Avenue, Amadeo, Cavite.

It has a free parking space and only 5 to 10 minutes away from Tagaytay City.

Sa Kubo Amadeo, makapagre-relax nang todo-todo!

Explore, mag-book na, at i-dial contact number: +63 917 501 7575./DBCaoile

# Mabuhay po kayo, maligayang kaarawan, VM Jun Dualan

BELATED happy birthday po sa masipag at mapagkalingang bise-alkalde ng bayan ng Naic.

Kasama ang pahayagang ito, BantayBalita na nakikigalak sa pagbati sa kaarawan ni Vice Mayor Jun Dualan nitong Hunyo 28.

"Pagbati ng Maligayang Kaarawan Vice Mayor Jun Dualan ang aking katuwang sa paghahatid ng Serbisyong may Puso, Disiplina at Diskarte sa Bayan ng Naic," sabi ni Mayor Raffy sa kanyang social media account.

Sabi pa: "Dalangin ko at ng nagkakaisang Naicqueños ang tuloy-tuloy na pagpapala at maayos na kalusugan para sayo at sa iyong pamilya upang makapaglingkod pa tayo sa mahabang panahon para sa patuloy na pag-unlaD ng ating Bayan."

Bumati rin sa bise-alkalde ang mga kapwa lingkod-bayan ng Naic at mamamayan ng Naic. /ET II




# NGCP supports transition to RE

NGCP
BRIDGING POWER & PROGRESS

THE National Grid Corp. of the Philippines (NGCP) in a statement said that it iis backing transiton for the energy sector's move toward green energy or renewable energy (RE).

It said that its Transmission Development Plan (TDP) has already committed such renewable energy (RE) plants, which will connect to the grid in the next few years.

NGCP added that TPD targets 50 percent integration of renewables in the grid's installed capacity by 2040.

Further, the statement said that NGCP's partnership with the State Grid Corp. of China (SGCC) has given it an edge in ensuring that the Philippine grid is ready to integrate high levels of RE.

NGCP said: "With its access to SGCC's technology, NGCP is more than capable to accommodate the increasing integration of renewable energy into the grid for a more sustainable energy mix."

The company said that while funding may not be a problem, integrating more RE into the grid will require more from the energy sector.


Support policies must be revisited, and prioritizing the development of Competitive Renewable Energy Zones must be well coordinated. Roads and ports must be ready to accommodate the expected influx of materials needed to build the needed transmission facilities.

"External limitations, including regulatory caps on capital expenditures, protracted permitting processes by the local government units, and difficult rights-of-way procurement, have proven to be the primary roadblocks to project completion," said the NGCP.

It also said that if the Energy Regulatory Commission will allow them to spend capital expenditures needed to support the push toward green energy, they are "very confident" that they can deliver.

"The move to RE may take time but efforts must begin now. Even First-World countries take around 10 years to build transmission backbone projects. With all things considered, NGCP is sure it can deliver its committed projects to improve the grid, as long as the political will and support are there and we are given a sustainable recovery framework," said the NGCP. /**PR**

# Disbarment ni Sec. Gadon, no due process of law



MY CUP OF COFFEE

by Henry E. CAOILE

CONTROVERSIAL Atty. Larry Gadon ay nakatikim ng "kamay na bakal" ng Supreme Court (SC) nang ituloy sa disbarment ang unang hatol sa kanya na suspension na mag-practice bilang abogado.

Nangyari ito, kasunod ng apppintment sa kanya ni President Bongbong Marcos Jr. bilang adviser on poverty alleviation, isang cabinet position na hindi naman kailangang parubahan pa ng Commission on Appointments (CA).

Ayos lang, sabi ni Gadon sa interbyu, hindi magpapahina sa kanyang pagnanais na matulungan ang gobyerno na mabawasan ang kahirapan sa bansa.

Nangyari ang suspension at disbarment kay Gadon dahil sa sinasabing paglabag nito sa etika ng mga abogado nang pagsalitaan ng masasakit, mahahayap na salita ang journalist na si Raissa Robles -- na ayon kay Gadon ay sagot niya sa maraming disinformation, misinformation ikinalat nito laban sa gobyerno.

Ang pagmumura ni Gadon ay inilabas niya sa kanyang social media page at hindi bukas sa publiko, pero ikinalat ni Robles sa publiko gamit ang social media.

May paglabag na sa Data Privacy Law ang ginawa ni Robles nang ikalat sa social media ang pribadong pagmumura ni Gadon?

Sabi ni Atty. Trixie Cruz-Angeles sa isa niyang social media post, talagang nakagugulat ang pag-disbar kay Gadon na, at kami rito ay sang-ayon sa sinabi niya, "harsh" ang parusa sa kanya ng SC.

Ayon kay Atty. Cruz-Angeles sa mga kaso, administratibo o kriminal, laging ina-assume na ang akusado ay innocent o walang sala at kailangang idaan sa proseso ng batas bago hatulan, ibig sabihin, kailangang alam ng akusado ang paratang at bibigyan siya ng pagkakataon na pabulaan, sagutin kung ano ang ikinakaso.

Tama si Atty. Trixie, sabi ng isang kaibigang abogado at naiiba ang kaso ni Gadon, dahil sinuspindi siya ng SC nang hindi man lang nagkaroon ng pagdinig, kumbaga, walang due process of law na nangyari.

Problematiko ito, sabi ni Angeles-Cruz, isang sikat ba blogger at host ng malakas na programang "Karambola"--Lunes-Biyernes, 8-11am sa dWIZ radio ng Aliw Broadcasting, at ito rin ang sinabi ng ilang law students.

Ito ang unang pagkakataon na ang isang abogado ay sinuspindi nang hindi dumaan sa proseso ng pagdinig: walang hearing, hindi pinasagot si Gadon, basta sinuspindi siya.

Kung nais disiplinahin si Gadon sa pag-aabogado, may tuntunin na dapat sundin at ito nga ay ang pagdinig, pagsagot at pagtitimbang sa mga sagot at kontra-sagot sa isang usapin, bago ipataw ang parusa o bago pawalang sala, sabi ng isang kaibigang abogado.



Sec. Larry Gadon



Atty. Toto Causing

Tanong nga ni Atty. Tricie, may bago bang rules ang SC na hindi sinabi kay Gadon na puwede pala siyang suspindihin at i-disbar nang walang hearing?

Sabi ng Korte Suprema, kaya pinarusahan ng disbarment si Gadon, kasi lumilitaw na "notorious" ito sa maraming kasong laban sa kanya, at ang "the volume of other cases filed against Sec. Larry "speaks of his character."

Kung marami bang kaso ang isang tao -- na hindi pa naman nahahatulang guilty -- ay batayan na ito ng kanyang masamang pagkatao?

Di ba, sabi ng Supreme Court sa marami nitong desisyon, accusations are not proof na maykasalanan ang isang respondent; ang paratang ay hindi ebidensiya para sabihing may sala ang isang inirereklamo.

Sa pagtutulad, kung marami bang tattoo ang isang tao, kahulugan ba nito, siya ay masamang karakter at mahuhusgahan na di-kanais-nais ang pagkatao?

Maitanong ko lang, kailan kaya naging ebidensiya laban kay Gadon na masama siyang tao dahil sa maraming kaso siya sa hukuman, na ang mga kasong ito ay wala pang naging desisyon kung siya nga ay maysala?

Ewan ko, pero nabasa ko ang kaso ng journalist at abogadong si Sir Emil Jurado na sinuspindi lamang at hindi dinisbar sa serye ng kolum niya na nagpapahiwatig na may korapsiyon nagawa ang ilang di-pinangalanang mahistrado ng SC.

Naalaala ko ang disbarment kay Atty. Toto Causing dahil sa "kasalanan" nang ipinost sa social media sa mga kasong korapsiyon na isinampa niya laban sa isang taong gobyerno.

Ikinatwiran ni Causing ang ginawa niya ay bahagi ng kanyang karapatan sa pamamahayag at ang isinulat niya ay may kinalaman sa rights ng publiko na malaman ang gawain ng isang public servant, at iyon ay isang public interest.

Kapwa nagharap na ng motion for consideration sina Sec. Gadon at Atty. Causing at hintayin na lang natin kung ano ang magiging desisyon ng SC.

Mga kagalang-galang na mahistrado ng Supreme Court, mag-aabang po kami sa inyong resolusyon!

# Gov. Garcia, Sasot nagpalitan ng patutsada



Gov. Gwendolyn Garcia



Sec. Christina G. Frasco



Sass Rogando Sasot

SABI ni Tourism Sec. Christina Garcia Frasco ni piso raw, hindi nabayaran ang DDB, ang ahensiyang nangopya ng video footage na kuha sa ibang bansa sa adio video presentation (AVP) ng palpak na islogang "Love The Philippines."

Kinontra ito ni Albay Rep. Joey Salceda na sinabing binayaran ang DBB sa una, ikalawa at ikatlong parte ng paggawa ng AVP, base sa hawak niyang mga dokumento.

Humingi na ng paumanhin ang DBB sa kapalpakan, na tinawag ng marami na hindi simpleng pagkakamali kungdi isang "grand deception" o malaking panloloko sa bansa -- na ngayon ay umaani ng maraming kahihiyan sa madla.

Samantala, idinepensa ni Cebu Governor Gwendolyn Garcia si Frasco na binabatikos at marami ang humihingi na ito ay kusang magbitiw sa Gabinete.



SA TOTOO LANG!

by GENE T. TAN

Nabisto ang kalokohan sa islogan ng DoT nang i-expose ni Sass Rogando Sasot na ang "Love The Philippines" islogan ay naglalaman ng footage na mula sa Thailand, Indonesia at iba pang bansa na ipinakilalang kuha raw sa Filipinas.

Sa kanyang Facebook page, Lunes, Hulyo 3, pinasalamatan ni Gov. Garcia si Sasot sa pagtukoy sa maling footage ng islogan, at ito raw inaksiyonan agad ng kanyang anak, si Sec. Frasco at pinaimbestigahan ang DBB.

Pero tama na raw na ulit-ulitin pa ito ni Sasot sa maraming interbyu na tinawag ng gobernadora na "sobra na" at naglalagay sa kahihiyan at pangungutya sa kanyang anak.

"Dearest Sass, I love my daughter very much and will always stand up and speak out for her, if and when I believe she has been treated quite unfairly. I guess that's what all mothers will do for their own children," ani ni Garcia sa social media.


Ipinost ni Garcia sa kanyang FB page, Linggo, Hulyo ang islogang "It's more fun in Switzerland," na simpleng patutsada sa "It's more fun in the Philippines" na hindi inupakan ni Sasot na islogang ginawa sa panahon ni dating Pres. Noynoy Aquino.


Ang ipinost ni Garcia ay sinagot ni Sasot ng ganto: "Bilang government official po, pwede po bang pakiliwanagan kami kung anong morality and efficiency na you are fixing something that is not broken? Kayo po ba dyaan sa Cebu Province eh mahilig magkumpuni ng mga bagay na hindi naman sira?"

Ipinost ni Sasot ang islogang "Love Cyprus" na halos katulad ng "Love the Philippines" at tinanong si Garcia kung alam niya ito.

"Aware po ba kayo Governor na ang pangkasalukuyang tourism slogan ng CYPRUS eh 'Love Cyprus,' tapos tayo eh 'Love Philippines.' Parang awkward no?" tanong ni Sasot.

Binabasa nyo ito, wala pang sagot ang gobernadora. /GENE T. TAN






**EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF THE DESEASED PERSON REGALADO CASTAÑEDA PATLIN WITH DEED OF ABSOLUTE SALE**

Notice is hereby given that the estate of the late **Regalado Castañeda Patlin**, who died on January 04, 2022 at Los Baños, Laguna left a parcel of land situated in Brgy. Salinas, Bacoor City, Cavite covered by Transfer Certificate of Title No. 167-20210003354 (1,486) sqm. extra judicially settled among the legal heirs executed before Notary Public Atty. Fe B. Añonuevo under Doc No.077 Page No. 16 Book No. 154 Series of 2023.

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**JULY 3, 10 & 17, 2023**

**EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF THE DECEASED PERSONS BENJAMIN A. DIMARANAN AND CENIZA M. DIMARANAN WITH PORION SALE.**

Notice is hereby given that the estate of the late spouses **BENJAMIN A. DIMARANAN,** who died on June 28, 2013 at Mangas I, Alfonso, Cavite and **CENIZA M. DIMARANAN,** who died on July 21, 2002 at Mangas I, Alfonso, Cavite left a parcel of land covered by Tax Declaration No. AA 01-0017-00060 situated at Mangas I, Alfonso, Cavite (5,787) SQM. Extra Judicially Settled among the legal heirs, Executed before Notary Public Atty. Fe. B. AñONUE Vo. Under Doc. No. 153 Page No. 31 Book No. 153 Series of 2023.

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**JUNE 19, 26 & JULY 3, 2023**

**PAG BABAHAGING LABAS SA HUKUMAN NA MAY GAWAD NG NATATANGING KAPANGYARIHAN**

Pinapaalam sa lahat na si **CORNELIO PAKINGAN MANTELE**, na namatay noong Ika-16 ng Mayo 2011 sa lungsod ng Muntinlupa City, ay nakaiwan ng ari-arian ng Ika-Limang (1/5) na bahaging karapayan na sakop ng sumusunod na Trasnfer Certificate Title No. 15897 na nakabase sa Muntinkupa City (73,849) SQM. Transfer Certificate Title No. 15895 na nakabase sa Muntinlupa City (109,452) SQM. Inilabas ang bahaging ito para sa tunay at legal na tagapagmana, enexecute ito sa ibinigay na kapangyarihan kay Atty. patricio L. Boncayao Jr. sa Ilalim ng Doc. No. 84 Page No.14 Book No.160 Series ng 2011

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**JUNE 19, 26 & JULY 3, 2023**

**EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF DECEASED PERSON JOSE IMSON SUAVILLO WITH DEED OF ABSOLUTE SALE**

Notice is hereby given that the estate of the late **Jose Imson Suavillo**, who died on September 29, 2019 at Molino, Bacoor City, Cavite left a parcel of land covered by Transfer Certificate of Title No. T-893972 situated in Brgy. Molino, Bacoor City, Cavite (40) sqm extra judicially settled among the legal heirs, executed before Notary Public Atty. Fe B. Añonuevo under Doc.No. 18 Page No. Book No. 854 Series of 2023.

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**JULY 3, 10 & 17, 2023**

**EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE**

Notice is hereby given that the estate of the late **Lydia Guillermo and VictorinoAngeo** they left a parcel of land located in Brgy. San Miguel A, Maragondon, Cavite. Covered by Transfer Certificate Title No. T-50273 with an area of (10,096) sqm. extra judicially settled among the legal heirs, executed before Notary Public Atty. Earl Alfred H. Reyes under Doc. No. 316 Page No. 65 Book No. 111 Series of 2023

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**JULY 3, 10 & 17, 2023**

**EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE Of MARCELINO A. YUMOL SR.**

Notice is hereby given that the estate of the late **Marcelino A Yumol Sr.** who died on September 15, 2003, that the said deceased lefta parcel of land (1/2) share located at Tanza, Cavite covered by Transfer Certificate Title No. T-7767 (56,365) sqm extra judicially settled among the legal heirs, executed before Notary Public Atty Augustus Caesar M. Bañares under Doc No. 488 Page No. 98 Book No. XXII Series of 2019

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**JUNE 19, 26 & JULY 3, 2023**

**EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF THE ESTATE OF MARCELINA TORRES MANREZA**

Notice is hereby given that the estate of the late **MarcelinaTorres Manreza,** who died on August 20, 2021 at Dasmariñas City, Cavite, left a parcel of land covered by Transfer Certificate Title No. T-155021 (2,179) sqm situated in Brgy. San Agustin, Dasmariñas City, Transfer Certificate Title No. T-268768 (1/7 of 210 square meters portion) with an existing house under Tax Declaration No. 237-0008-017799 (840.50) sqm. Extra judicially settled among legal heirs, executed before Notary Public Atty. Fe B. Añonuevo under Doc No. 439 Page No. 88 Book No. 153 Series of 2023.

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**JUNE 26, JULY 3 & 10, 2023**

**EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT KOF THE LATE CONDRADO DANCEL WITH DEED OF ABSOLUTE SALE**

Notice is hereby given that the estate of the late **Condrado Dancel** who died on January 13, 2023 in Quezon City left a parcel of land situated at Lot 25 Blk 11 Citta Italia 2, Mambog 3, Bacoor City, Cavite covered by Transfer Certificate of Title No. T-907546 (88) sqm extra judicially settled among the legal heirs, executed before Notary Public Atty. Eliseo S. Calma Sr. under Docs No. 18 Page No. 5 Book No. XXVIII Series of 2023.

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**JUNE 26, JULY 3 & 10, 2023**

**EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF VALENTINA DEL ROSARIO VDA. DE GANCAYCO**

Notice is hereby given that the estate of the late **Valentina Del Rosario Vda. De Gancayco** who died sometime in the early 1900 in Maragondon, Cavite left a parcel of land covered by Tax Declaration No. 13-002-00206 with an area of 5,546 sqm, Tax Declaration No. 13-0023-00054 with an area of 5,036 sqm, Tax Declaration No. 13-0022-00200 with an area of 11,790 sqm. situated all in San Miguel A & B, Maragondon, Cavite, that the said property divide into 9th party as follows, first party – Rosita E. Lingo-Lucero. 1/5of 1/2share second party Marcela Lingo Evardone 1/5 of 1/2 share third party LucilitaCunto Lingo and Maricar C. Lingo 1/5 of 1/2 share fourth party Lorna Bocuya Lingo, Francis B. Lingo, Francisco B. Lingo Jr. and Anthony B. Lingo, 1/5 of 1/2share, fifth party Lucena Lingo Ferrer 1/5 of 1/2 share unto the heirs of BonifacioGancayco as follows sixth party Purificacion S. Gancayco-Unas 1/4 of 1/2 share seventh party NorinaGancaycoManas 1/4 of 1/2 share eight party Gilbert MancillaGancayco and Julieta GancaycoOlaes 1/4 of 1/2 share ninth party Cesar Gancayco Ramos 1/4 of 1/2 share, extra judicially settled among the legal heirs, executed before Notary Public Atty. Jose R. Bawalan under Doc. No. 456 Page No. 91 Book No.IV Series of 2021.

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**JULY 3, 10 & 17, 2023**

**DEED OF EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT**

Notice is hereby given that the estate of the late **Regino Umali,** who died on March 02, 2003 at BrgyKaong, Silang, Cavite left a parcel of land covered by Tax Dec No. 18-0030-00049, 18-0030-02821 Lot No. 10284 Situated in BrgyKaong, Silang, Cavite (58,478) sqm, extra judicially settled among the legal heirs, executed before Notary Public Atty Jasper C. Salesunder Doc No. 619 Book No. 29 Page No. 420 Series of 2023.

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**JUNE 26, JULY 3 & 10, 2023**

**EXRA JUCIAL STTLEMENT OF ESTATE OF SPOUSES PRIMA ROJAS PEREA AND MANUEL PINO PEREA (A.K.A. MANUEL PERLA)**

Notice is hereby given that the estate of spouses **PRIMA ROJAS PEREA and MANUEL PINO PEREA (A.K.A. MANUEL PERLA)** who died on November 04, 2004 and January 27, 2022 in Rosario, Cavite left a parcel of land situated in Brgy. Pasong Kawayan, General Trias City, Cavite covered by Transfer Certificate Title No. T- 122963 (20,404) SQM. Extra Judicially Settled among the legal heirs, Executed before Notary Public Atty. Earl Alfred B. Reyes, Under Doc. No. 222 Book No. 46 Page No.IV Series of 2023

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**JUNE 19, 26 & JULY 3, 2023**

**EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE**

Notice is hereby given that the estate of the late spouses **Maria Romero Vargas and Anselmo Vargas** who died in Tanza, Cavite on October 01, 1945 and September 10, 1945, left a parcel of land situated in the of Tanza, Cavite covered by Transfer Certificate Title No. 12187 (9,349) sqm, divided into 1/4 portion from first (1st) party to forth (4th) party extra judicially settled among the legal heirs, executed before Notary Public Atty Ma. Angela Francesca Y. Cabral, under Doc. No. 445 Book Non 90 Page No. 1 Series of 2023

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**JUNE 19, 26 & JULY 3, 2023**

# Mahalaga ang papel ng bise alkalde sa pamamamahala ng bayan o siyudad


BANTAY BALITA
NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN
VOLUME 1 NO. 40 10.00 JULY 3 - JULY 9, 2023


THE role of a vice mayor in running the bureaucracy is very important. Mahalaga ang bise-alkalde sa pag-unlad ng isang lokal na pamahalaan.

The vice mayor (VM) is not only an 'acting mayor" if the local chief executive is absent, on an official trip abroad o in sickbed. Sa kanyang speech noon sa Regular National Executive Board Meeting of the Vice Mayors' League of the Philippines sa Sofitel Plaza Manila, binanggit ni Vice President Sara 'Inday' Duterte na ang mga vice mayor ay laging nasa front lines sa panahon ng krisis, trahedya, kalamaidad sa kanyang lokalidad.



**REVANZE**

**by Domz B. CAOILE**

"Vice mayors lead, respond and resolve eminent and infinite challenges in their localities," sabi ni Inday Sara, at totoo ito sa lahat ng bise-alkalde, at maraming ulit nating nasaksihan ito sa buhay ni Imus City Vice Mayor Homer 'Saki' Saquilayan.

Pag nabibisita ko si VM Saki sa kanyang opisina sa bagong city hall, sa umaga pa lamang, nakatutok na siya sa maraming trabaho bilang presiding officer ng Sangguniang Panlungsod.

Bukod sa kailangang estimahin ang maraming Imuseno na may inilalapit na request o reklamo na kung kaya ni VM Saki, agad ay personal niyang inaaksiyonan, at kung kailangan, isinasangguni niya iyon kay City ayor Alex 'AA" Advincula.

Di lang 'yon ang papel ng tulad ni Vice Mayor Saki, tulad nga ng sabi ni VP Duterte, nasa poder ng bise-alkalde ang pagpapasa ng badyet ng bayan o siyudad.

"Vice mayors are very important because hindi po makakagalaw ang mayor natin kung wala ang vice mayor, dahil ang vice mayor has a power of the purse and the budget ordinances, so kung wala pong pera wala pong ma-i-respond si mayor," sabi ni Duterte.

Magkatuwang nga ang alkalde at bise sa maayos na pagpapalakad ng lokal na pamahalaan, at malaking problema kung ang dalawang mataas na lingkodbayan ay hindi magkasundo.

Nakikita ang mainit na pagtutulungan nina VM Saki at Mayor AA, sabi nga, sinusuportahan nila ang isa't isa. Bawat taon, nagsusumite ng mungkahing pondo ang alkalde para matustusan nais na mga programa at proyekto at ito, matapos na pag-aralan ng Sanggunian sa pamumuno ng bise alkalde, inaangkupan ng budget ordinance.

Bukod sa pagpapanukala at pagpapatibay ng lokal na batas para matustusan ang pamamalakad sa siyudad, kapag may gawaing hindi magagampanan si Mayor Advincula, ito ay iniaatang niya sa balikat ni VM Saki -- na malugod naman nitong tinatanggap at nagawa.

Kaya maganda ang pamamalakad ngayon sa lokalidad, ito ay dahil sa kooperasyon, pagkakaisa sa iisang layunin at adhikain ang dalawang tunay na lingkodbayan ng pamahalaang lungsod ng Imus -- sina Mayor AA Advincula at VM Saki!



**Mayor Alex "AA" Advincula**



***STANDING tall: Kapiling ni Vice Mayor Homer 'Saki" ang ilang konsehal at mga opisyal at tauhan sa Sangguniang Panlungsod ng Imus. Kilala sa pagiging maginoo at matulungin, maayos na nagagampanan ni Bise-Alkalde Saki ang mga responsibilidad sa pagpapasa ng mga ordinansa para sa mga proyektong sa kaunlaran at pagsulong ng ekonomya ng siyudad -- na ang mga bunga ay magbibigay ng ginhawa, magaang pamumuhay at mga pakinabang para sa mamamayang Imuseno.***

# Junk DoT slogan prone to ridicule – Lacson




BAGUHIN at kalimutan na ang kontrobersiyal na islogan ng Department of Tourism (DoT). Makasasama ito kaysa makabuti at hindi makaakit ng maraming dayuhang turista na bisitahin ang Filipinas.

Ito ang sinabi ni dating Senador Panfilo 'Pingè Lacson sa media tungkol sa islogan na "Love The Philippines" na uamani ng maraming batikos at pangungutya sa loob at labas ng bansa.

Dahil sa maraming video footage ng islogan ay kinopya -- nang walang pahintulot -- sa maraming magagandang tanawin sa Thailand, Indonesia at iba pang lugar, at hindi orihinal na pook turista sa bansa.

Nilalaro na may kasamang pangungutya at pang-aasar ang islogan ng maraming netizen, sabi ni Lacson na tinukoy ang sinabi ni dating Senate President Tito Sotto na imbes na "Love The Philippines," ito ay palitang ng "Leave the Philippines."

Ani Lacson, "No matter how good it looks or sounds, if it could be exposed to being spoofed and ridiculed, junk it."

Bago nalantad ang palpak na audio visual presentation (AVP) ng bagong islogan, pinuri ito nina Sen. Robin Padilla at Sen. Loren Legarda.

"Napakaganda ng Pilipinas," sabi ni Padilla na sinundan ni Legarda na sinabi,"There is much to love about the Philippines."